

TUNGKOL SA AMIN
MAKIPAG-UGNAYAN
MGA CAREER

COVID-19
MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN
MAMUHAY NANG MALUSOG
MGA FORM AT PERMIT
PARA SA MGA PROVIDER

AVAILABLE NA ANG MGA DRIVE-THRU NA APPOINTMENT SA PAGPAPABAKUNA PARA SA
MGA RESIDENTE NG COUNTY NG SAN MATEO (SAN MATEO COUNTY, SMC) NA 65+

PLANO SA PAGBABAKUNA NG SAN MATEO

PARA IHINTO ANG PAGKALAT NG COVID-19 AT MABAWASAN ANG MGA HINDI INAASAHANG EPEKTO

Panimula/Background

Ang mga bagong available na ligtas at epektibong bakuna ay isa sa mga pinakamahalagang paraan para tapusin ang COVID-19 pandemic. **Dapat ay patas ang access sa mga bakunang ito.** Dahil wala pa kaming sapat na bakuna para sa lahat, nagpasya ang mga pederal na pamahalaan at estado hinggil sa pagkakasunod-sunod ng pagiging kwalipikado ng mga partikular na grupo para sa mga phase mula ngayon hanggang sa tag-init , kung saan umaasa kaming maaabot na namin ang lahat ng residente.

Pinatindi ng COVID-19 pandemic ang mga dati nang hindi pagkakapantay-pantay na nakakaapekto sa mga residenteng mababa ang kita at community of color sa San Mateo County. Halimbawa, kinakatawan ng mga miyembro ng Latinx na komunidad ang 24% populasyon, pero ito ang 43% ng mga kaso ng COVID-19 noong Enero 2021. Para sa ganap na pagbangon mula sa COVID-19, kinakailangan nating gawin ang lahat ng magagawa natin para matugunan hindi lang ang mga epekto sa kalusugan ng publiko, pero gayundin ang pagbangon ng ekonomiya, imprastraktura ng komunidad, edukasyon, at child care. Bagama't alam naming ang ganap na pagtugon sa mga hindi pagkakapantay-

pantay na ito ay isang pangmatagalang pagsisikap, dapat na tayong magsimula ngayon sa pagtugon sa pandemic na nagta-target sa mga pinakaapektadong komunidad gamit ang nakaangkop at kultural na nakabatay na pamamaraan para malampasan ang mga hadlang sa pagbabakuna.

Ang Aming Pinakamahusay na Sukatan sa Tagumpay

Paano natin malalaman kung nagkakaroon tayo ng progreso? Inaatasan ng California ang bawat county na bawasan ang labis na pagkakatawan sa mga mababa at kita at/o minorityang grupo sa mga positibong kaso ng COVID-19. Ang paraan ng pagsukat nito ay sa pamamagitan ng paghahambing ng mga rate ng positibong kaso sa iba't ibang komunidad (o mga lugar ng census) gamit ang isang hanay ng datos na tinatawag na [Index ng Mga Malusog na Lugar](#) . Sa pagkakaroon ng mga bakuna, inaasahan naming magtatalaga ang Estado ng mga bagong sukatan para matiyak ang patas na pamamahagi ng mga bakuna. Kung magiging matagumpay tayo, walang magiging pagkakaiba sa mga rate ng mga kaso ng COVID-19 o pagbabakuna laban dito sa pagitan ng iba't ibang komunidad sa San Mateo County.

Ano ang pag-usad ng pagsisikap natin?

Sukatan	Layunin	Status
Gap sa pagitan ng pagpopositibo sa COVID-19 para sa mga pinakamababang HPI census tract at rate ng pagpopositibo sa buong county	0% gap sa pagitan ng mga komunidad	4.3% gap na naiulat 1/27/21

Mga Prinsipyo sa Pagkakapantay-pantay ng San Mateo County para Gabayan ang ating Pagsisikap sa Pagbabakuna

Kaligtasan, pagkakapantay-pantay, at transparency: Ipinangako namin na magiging transparent, maingat, at higit sa lahat patas sa pagbibigay ng bakuna laban sa COVID-19 sa lahat ng nangangailangan ng bakuna at humiling na mabakunahan. Bagama't direktang ginagabayan at sinu-supply ng pederal na pamahalaan at estado ang maraming pagbabakuna sa pamamagitan ng malalaking sistema ng pangangalagang pangkalusugan at parmasya, **isasaayos**

ng County Health ang mga pagbabakuna para sa mga wala pang koneksyon sa pagpapabakuha at magbibigay ng ito ng katiyakan na walang maiiwan. Bagama't limitado ang mga supply, talagang mahalaga ito sa amin para mapahusay ang accessibility para sa mga residenteng mababa ang kita at community of color sa mga kwalipikadong grupo.

Ginagamit namin ang mga prinsipyong ito para gabayan ang ating pagsisikap:

1. Magbigay ng transparency sa agham, datos, at proseso ng pagbabakuna.
2. Isapriyoridad ang mga nasa pinakamataas na panganib.
3. Ganap na kilalanin ang negatibo at masalimuot na kasaysayan ng pangangalagang pangkalusugan sa US sa mga community of color at ang kasalukuyang hindi pagkakapantay-pantay na humantong sa kawalan ng tiwala sa pangangalagang pangkalusugan, pananaliksik, at pamahalaan.
4. Iugnay ang ating komunidad para mas maunawaan ang kanilang mga alalahanin at pangangailangan, at makatugon dito hangga't maaari.
5. Epektibong makipag-ugnayan sa kultural na sensitibong paraan sa pamamagitan ng mga pinagkakatiwalaang mga partner.
6. Malampasan ang kahit gaano karaming hadlang sa pag-access ng bakuna hangga't maaari – heograpiko, lingwistiko, kultural, pisikal, teknolohikal, dokumentasyon, kawalan ng tiwala, at iba pa.
7. Matuto at maging mahusay habang tumatagal.

Higit pa tungkol sa aming pagsisikap sa pagiging patas sa bakuna [dito](#)

Ang Aming Plano sa Bakuna: Dalawang estratehiya para ihinto ang pagkalat at mabawasan ang hindi pagkakapantay-pantay

Ang [plano sa pagtugon sa pandemya](#) ng San Mateo County Health ay may kaugnayan sa mga nakaangkop na pamamaraan para sa iba't ibang nasa panganib na grupo sa komunidad. Ang pagsisikap sa pagtitiyak ng patas na pamamahagi ng bakuna ay nakabatay sa mga estratehiyang ginamit natin sa buong pandemya at gagawing batayan ng mga bagong pinalawig na [Grupo sa Pagsisikap sa Komunikasyon ng Pagiging Patas sa Bakuna \(Vaccine Communication Equity Working Group\)](#) na binubuo ng mahigit 100 miyembro at tinukoy bilang bahagi ng Inisyatiba sa Pagbangon ng San Mateo County (San Mateo County Recovery Initiative).

Nagbabago araw-araw ang napakakumplikado at dynamic na pag-roll out ng bakuna. Malaki ang ginagampanan ng County Health sa pagitan ng pederal at pang-estadong pamahalaan at sa ating komunidad. Ang pederal na pamahalaan ay nag-aaprubang gumagawa ng gabay na dinaragdagan ng detalye ng estado ng California. Ang Estado ang nagbibigay ng mga dosis ng bakuna sa mga county at malaking multi-county na organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan tulad ng Kaiser, Sutter/Palo Alto Medical Foundation, Dignity/Sequoia, at AHMC/Seton Medical. Sinusuportahan ng County Health ang mas maliliit na organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan para makapag-sign up bilang mga tagabakuna, at nagbibigay ito ng mga dosis sa kanila para makapagbakuna ng mga pasyente, nang isinasaprioridad ang mga grupong hindi naseserbisuhan. Bukod pa rito, tumatayo **kaming seguridad sa pamamagitan ng pagsasaayos ng access sa bakuna para sa mga residenteng hindi makaka-access dito sa pamamagitan ng kanilang mga employer o provider sa pangangalagang pangkalusugan.** Sinusubaybayan ng County Health [ang datos para makatiyak na walang hindi pagkakapantay-pantay sa access sa ating komunidad.](#)

Estratehiya 1: Pahasayin ang pakikipag-ugnayan para makabuo ng tiwala, pakikisama, at pakikilahok sa mga pagsisikap sa pagbabakuna

Tinutugunan ng ating estratehiya ang maraming alalahanin, katulad ng:

- Kawalan ng tiwala sa pamahalaan, pananaliksik, at pangangalagang pangkalusugan bilang resulta ng masalimuot at nakakapanghinayang na kasaysayan ng pag-eeksperimento sa kalusugan ng mga people of color
- Kasalukuyang hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa pangangalagang pangkalusugan at sa iba pang larangan
- Maling pagkalat ng impormasyon
- Mga alalahanin sa kaligtasan
- Pagiging kumpidensyal at alalahanin sa status sa immigration
- Hadlang sa wika
- Pag-alam kung kailan at paano makakatanggap ng bakuna, lalo na para sa mga hindi konektado sa digital na paraan

Ano ang pinagsisikapan namin:

Pakikilahok: Ang San Mateo County Recovery Initiative Vaccine Communication Equity Working Group ay nagbibigay-daan para sa isang tuloy-tuloy na talakayan sa pagitan ng County at sa ating pinakaapektadong komunidad. Ang grupong ito ay nagbibigay-daan sa atin na mas maunawaan ang mga pangangailangan at alalahanin ng ating mga komunidad at magkaroon ng direktang feedback tungkol sa ating mga plano. Tumutulong din ito sa ating mga partner sa komunidad na magkaroon ng pana-panahong impormasyon tungkol sa pag-roll out ng bakuna sa lahat ng antas, para makapagbahagi ng kaalaman sa mga komunidad na kanilang kinakatawan at pinaglilingkuran. Magagamit ng mga lider ng komunidad at forum na ito para magbahagi ng feedback sa Estado tungkol sa kanilang mga pagsisikap sa pagsasapriyordad at pagpapalano sa pamamagitan ng isang set up sa partnership sa California Pan Ethnic Health Network – isang pambuong estado na adbokasiya sa pagkakapantay-pantay sa kalusugan na nagseserbisyo sa Komite sa Pagpapayo ng Komunidad ng Estado (State Community Advisory Committee).

Bukod pa rito, ang aming Mga Inisyatiba sa Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan (Health Equity Initiatives) na sinusuportahan ng Opisina sa Pagkakaiba-iba at Pagkakapantay-pantay (Office of Diversity and Equity) ng San Mateo County Health ay patuloy na nagbibigay ng mga forum ng talakayan sa pagbabakuna para magsilbing lugar para sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng County at mga apektadong komunidad.

Komunikasyon: Sa tulong ng Recovery Initiative Vaccine Communication Equity Working Group ng SMC, makakatanggap ang mga residente ng mga pinakaapektadong komunidad ng tumpak at epektibong impormasyon tungkol sa bakuna laban sa COVID-19, proseso ng pagbabakuna, at kung paano manatiling malusog bago at pagkatapos ng pagbabakuna sa pamamagitan ng pagtutuon sa iba pang pamprotektang gawi. Bubuo ang grupong ito ng plano sa komunikasyon at outreach sa pagbabakuna laban sa COVID-19 na partikular na idinisenyo para sa mga pinakabulnerableng komunidad sa San Mateo County, at magbibigay ito ng feedback sa pambuong county na plano sa komunikasyon sa bakuna. Para matiyak ang hindi nagbabago, tumpak, at napapanahong impormasyon, iaangkop ang mga pagsisikap sa komunikasyong ito sa iba pang pagsisikap sa pederal, pang-estado, at lokal na antas.

Nakabatay ang pamamaraan sa komunikasyon sa bakuna sa [ating mga kasalukuyang estratehiya](#) sa pamamagitan ng patuloy na:

- Pagbibigay ng nakatuon, kultural, at lingwistikong naaakongkop na komunikasyon para maitaguyod ang pangunahing mensahe

- Pagpapanatili ng mga pampublikong dashboard ng data at in-language na impormasyon ng resource
- Pagsasagawa ng mga talakayan sa mga nasa panganib na komunidad at apektadong grupo
- Pagbuo ng mga partnership sa mga pinagkakatiwalaang mensahero, lider ng komunidad, at pangunahing sektor (negosyo, edukasyon, child care) para i-promote ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan habang iro-roll out ang bakuna

Patuloy na kikilalanin ng County ang kawalan ng tiwala sa ating mga community of color dahil sa kasalukuyan at dati nang hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan na naranasan nila, habang nagsisikap tayong malampasan ang mga ito. Bukod pa sa mga estratehiya sa komunikasyon ng County, nakikipag-ugnayan tayo sa lahat ng malaking lokal na organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan para mas mahusay na maisaayos ang mga komunikasyon.

Partnership: Ang pinakamahalagang paraan na malalampasan natin ito ay sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga pinagkakatiwalaang organisasyon sa komunidad sa ating mga pinakaapektadong komunidad. Ang mga lider sa mga komunidad na ito ay nakabuo na ng tiwala sa loob ng maraming taon, nauunawaan nila ang mga epektibong estratehiya sa outreach, at magiging mahalagang mensahero kapag sila mismo ang nagkaroon ng tiwala sa bakuna at sa proseso ng pagbabakuna.

Sa pamamagitan ng Opisina ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad (Office of Community Affairs), nakikipagtulungan ang County sa mahigit 30 organisasyon sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa bakuna sa mga pinakabulnerableng komunidad. Nagho-host din kami ng siyam na Inisyatiba sa Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan para matiyak ang talakayan sa racial/ethnic, LGBTQ+, at ispirituwal na affinity group tungkol sa bakuna. Pinaplano naming palawigin ang mga pakikipagtulungan para suportahan ang mga pinagkakatiwalaang mensahero sa kanilang outreach, habang direkta kaming natututo sa kanilang pagiging eksperto at kaalaman sa komunidad.

Pag-abiso: Alam naming marami sa residente ng San Mateo County ang sabik na malaman kung kailan, saan, at paano nila matatanggap ang bakuna laban sa COVID-19.

- **Kailan:** Ang Estado ng California ang nagpapasya kung sino ang nasa anong phase ng roll out ng bakuna, at sinusunod ng mga organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan ang mga gabay na ito bataysa dami ng bakunang mayroon sila. Ina-update ng Estado ang mga planong ito nang regular at nagpapanatili sila ng pinakabagong impormasyon [sa kanilang website](#).

Dahil ang mga grupo at panahon para sa bawat phase ng roll-out ay nagbabago nang madalas, pinagtutuunan namin ang pagkonekta sa ating komunidad sa pinakanapapanahong impormasyon gamit ang mga tool tulad ng website na ito kung saan [puwedeng mag-sign up ang mga residente para sa mga update at abiso](#).

Malapit nang ilunsad ng Estado ang system ng pag-abiso nito na tinatawag ng [MyTurn](#), na nagbibigay-daan sa lahat ng residente ng California na malaman kung kwalipikado sila na makatanggap ng bakuna, at kung hindi pa sila kwalipikado, para mag-register para maabisuhan sa pamamagitan ng text o e-mail kapag pagkakataon na nila. Ikokonekta din ng system sa pag-abiso na ito ang mga residente para mag-register sa mga pinapatakbo ng pederal na pamahalaang pangmaramihang lugar sa Oakland Coliseum at sa iba pang lugar.

Dahil marami sa ating mga hindi makaugnayang residente ang walang access sa paggamit ng teknolohiya, naglista kami ng mga lokal na partner, lider, at media para magsapubliko ng mga pangunahing update. Bukod pa rito, maraming residente ang aabisuhan ng kanilang mga employer at samahan sa sektor ng pagtatrabaho. Magiging mahalaga ito para sa mga populasyong mahirap makaugnayan, gaya ng mga magsasaka.

- **Saan/Paano:** Marami sa mga residente ng San Mateo County ang makakatanggap ng bakuna mula sa kanilang mga provider sa pangangalagang pangkalusugan. Nagsimula na ang mga organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan na makipag-ugnayan sa kanilang mga pasyente/miyembro tungkol sa kung paano at kailan sila makakapagpaiskedyul ng mga appointment sa pagbabakuna. Habang mas maraming bakuna ang nailalaan kada linggo, inaasahan ng mga sistema sa pangangalagang pangkalusugan ang pagpapalawak ng access.

Ang mga residenteng hindi nakaka-access ng bakuna sa pamamagitan ng isa sa mas malalaking sistema sa pangangalagang pangkalusugan ay makakapagpabakuna sa pamamagitan ng mga lokal na parmasya o iba pang partnership sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga entity sa pangangalagang pangkalusugan ay aktibong nakikisangkot sa pagpapalawak ng mga opsyon sa pagbabakuna kasama ang mga lugar ng pagbabakuna sa publiko at mga espesyal na klinika. Bumubuo ng access ang County Health para sa ating mga kliyente at residente na walang ibang paraan para makapagpabakuna.

Paano natin malalaman ang ating pag-usad:

Sukatan	Layunin	Status
# ng mga interactive na sesyon ng komunidad na nauugnay sa pagbabakuna	Average na 3 kada buwan	
# ng partikular sa populasyon na pagmemensahe at kampanya sa outreach	5 etnikal/lingwistikong naka-target na kampanya 6 na heograpikong naka-target na kampanya	
# ng mga nakuhang partnership sa mga organisasyon sa komunidad para suportahan ang outreach sa bakuna	30+ partnership	30

Estratehiya 2: Pahasayin ang naka-target na estratehiya sa pagbabakuna para matiyak ang patas na pamamahagi sa mga nasa panganib na komunidad

Tinutugunan ng ating pangalawang estratehiya ang mga karagdagang hadlang kung saan kasama ang:

- Heograpikong distansya, mga pisikal na limitasyon, at kawalan ng access sa transportasyon
- Access para sa mga tao na hindi nakakaalis ng bahay at nakatira sa mga sama-samang setting ng pangangalaga
- Access sa teknolohiya para sa pag-iiskedyul, accessibility, at pagbibigay ng pagiging kwalipikado

Ano ang pinagsisikapan namin:

Mga estratehiya sa komunidad: Batay sa ating mga natutunan mula sa ating mga pagsisikap para matiyak ang access sa pagsusuri para sa COVID-19, kasama sa ating plano sa pagbabakuna ang pakikipagtulungan sa mga lokal na partner para tukuyin ang mga lugar sa pagbabakuna sa mga bulnerableng komunidad. Kasama sa ating mga plano ang pakikipagtulungan sa mga lokal na partner tulad ng mga parmasya, lugar ng klinika ng komunidad, at vendor na handang magtatag ng mobile na nakatuon sa komunidad na mga lokasyon. Umaasa kaming tutulong ang ating Mobile Health Van at Mga Street and Field Medical Team sa pakikipag-ugnayan sa ating mga populasyon na walang tirahan at magsasaka para sa mga pagbabakuna.

Mga estratehiya para sa sama-samang pangangalaga: Ang mga nakakatanda at may kapansanang nasa hustong gulang na nakatira sa mga

sama-samang pasilidad sa pangangalaga ay ilan sa mga residente ng San Mateo County na pinakaapektado ng pandemya. Nakipagkontrata ang pederal na Mga Sentro sa Pagkontrol sa Sakit (Centers for Disease Control) sa Walgreens at CVS para magbigay ng pagbabakuna sa lugar para sa karamihan ng mga pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga. Ang programang ito ay nagaganap na sa San Mateo County, at nakipagkasundo na ang County Health sa Safeway Pharmacy para tumulong sa pagsisikap na ito sa ating komunidad. Malapit na ito para sa mga silungan para sa walang tirahan at koreksyonal na setting.

Pangmaramihang estratehiya para sa buong county: Para maabot ang ating layunin na mabakunahan ang 90% ng nasa hustong gulang na mga residente ng San Mateo County (557,100 people) bago matapos ang Hunyo 2021 ng dalawang dosis ng bakuna, mangangailangan tayo ng 185,700 pagbabakuna kada buwan, o mahigit sa 6,190 kada araw. Ang inaasahang pag-apruba ng mga bakunang may isang dosis ay puwedeng makatulong sa pagpapabilis ng prosesong ito. Para makamit ang mataas na layuning ito, dapat magsikap nang husto ng lahat ng sistema ng pangangalaga pangkalusugan at parmasya ng San Mateo County. **Kung makakamit natin ang layunin bago ang Hunyo, kakailanganin nating makakita ng malaking paglaki sa bilang ng mga dosis ng bakuna na nakalaan sa mga entity sa San Mateo County.**

Inaasahan natin ang pangangailangan ng kahit man lang isang lugar sa maramihang pagpapabakuna na makakapagbakuna ng libo-libong tao kada araw. Bagama't hindi magiging tama para sa lahat ang malalaking lugar ng pagbabakuna, mapapabilis ng isa o higit pang lugar ang ating pag-usad sa pagbabakuna sa mga residente. Nag-organisa ang County ng mga pilot event sa San Mateo County Event Center noong Enero na nagpakita kung ano ang posible, at aktibong nagsisikap ang malalaking sistema (Sutter/PAMF, at Kaiser) para sa mga lugar sa maramihang pagbabakuna para mapaglingkuran ang kanilang mga pasyente/miyembro. Umaasa kaming mapayagan ang mga pasyente sa maliliit na sistema sa mga opsyon sa maramihang pagbabakunang ito. Sinusubukan naming makipagkasundo sa iba pang entity para magawa ang kapasidad na ito.

Accessibility sa pag-register at pagpapaiskedyul ng appointment: Maraming miyembro ng ating komunidad ang walang access sa internet connectivity at/o mga device, hindi nakakagamit ng mga online system na hindi iniaalok sa kanilang wika, nahihirapan sa pag-navigate ng mga resource sa web, at/o hindi kumportable sa pagbabahagi ng personal na impormasyon online. Isinasapriyordad ng County ang access para sa kanila at makikipagtulungan para gawing madaling i-navigate hangga't maaari ang pag-register sa anumang proseso sa pagbabakuna na pinangungunahan ng County, kailanganin ang hindi masyadong personal na impormasyon at dokumentasyon, maging available sa

mga wika maliban sa English, at mag-alok ng mga alternatibo sa online na pag-register kapag posible.

Paano natin malalaman ang ating pag-usad:

Sukatan	Layunin	Status
# ng alternatibo sa online na paraan ng pag-register para sa bakuna na sinusupportahan ng County	2-3	
# ng estratehiya sa pagbabakuna ng komunidad bilang mga alternatibo sa mga maramihang lugar	3	

Karagdagang Datos

Pakitingnan ang aming mga dashboard ng datos na nauugnay sa pagbabakuna [dito](#)

ALAMIN ANG HIGIT PA TUNGKOL SA

- [Pagbabakuna Laban sa COVID-19](#)
- [Plano at Mga Sukatan Laban sa COVID-19 ng SMC Health](#)

IBAHAGI ANG PAGE NA ITO